# Mga Pambatang Bakuna sa COVID-19 at Trangkaso

## Ang Dapat Malaman ng mga Magulang/Tagapag-alaga

## Inirerekomenda ang mga bakuna sa COVID-19 at trangkaso para sa mga batang edad 6 buwan pataas.

### Bakit dapat mabakunahan ang mga bata?

Sa Estados Unidos, pangunahing sanhi ng pagkamatay ang trangkaso mula sa sakit na naiiwasan sa tulong ng bakuna. Mahigit 15 milyong bata sa U.S. ang nagkaroon ng COVID-19. Hindi mababakunahan para sa COVID-19 at trangkaso ang mga sanggol na wala pang 6 buwan, kaya mahalagang mabakunahan ang mga taong nasa paligid nila. Kahit na ang malulusog na bata ay puwedeng magkasakit nang napakalubha dahil sa COVID-19 at trangkaso, at makapanghawa ng iba bago mo pa malamang maysakit sila.

Makatutulong ang mga bakunang ito upang maging protektado laban sa malubhang pagkakasakit, pagpapaospital at pagkamatay na sanhi ng COVID-19 at trangkaso. **Puwedeng ibigay nang magkasabay ang mga bakuna sa COVID-19 at trangkaso**, para sa ikagiginhawa, at para sa iyong pinakamabisang proteksiyon laban sa mga sakit na ito.

### Paano ko mapababakunahan ang aking anak?

Ibinibigay ng estado ng Washington ang lahat ng inirerekomendang bakuna nang libre para sa mga bata hanggang sa edad 18. Itanong sa pediatrician o regular na klinika ng iyong anak kung mayroon silang mga bakuna sa COVID-19 at trangkaso.

Ang mga pamilyang walang health care provider ay puwede nang tumawag sa **Hotline ng WA para sa Help Me Grow (Tulungan Ako sa Aking Paglaki) sa 1-800-322-2588** o pumunta sa **ParentHelp123.org** upang humanap ng health care provider, klinika o iba pang resource sa kalusugan. Libre ang serbisyong ito, at may makukuhang tulong sa wika.

Puwede mo ring puntahan ang **Vaccines.gov** at tingnan ang listahan ng mga lugar na malapit sa iyo na may mga bakuna sa COVID-19 at trangkaso na nagbabakuna rin sa mga bata.

## Ilang dosis ang kailangan ng anak ko?

### Trangkaso:

- Kung tatanggap ang iyong anak na sanggol o batang wala pang 8 taong gulang ng *una* niyang bakuna sa trangkaso, **2 dosis** ang kailangan niya na ibibigay nang may **1 buwang agwat**.
- **1 dosis** lang ang kailangan ng sinumang nakatanggap na dati ng bakuna sa trangkaso.

### COVID-19:

- Ang mga batang edad **6 buwan-4 taon** ay kukuha ng serye ng Pfizer na may 3 dosis o serye ng Moderna na may 2 dosis.
- Ang mga batang edad **5 taon pataas** ay kukuha ng isang dosis ng bakuna ng Pfizer o Moderna.

  Ang mga batang 6 buwan+ na katamtaman o malubhang immunocompromised ay dapat kumuha ng seryeng may 3 dosis at maaaring kumuha ng mga karagdagang dosis nang hindi bababa sa 2 buwan pagkatapos ng kanilang huling dosis.

*Tanungin sa iyong health care provider kung ano ang mga nakalatag na opsiyon sa COVID-19 at trangkaso, at ang pinakamabubuting opsiyon para sa iyo at sa iyong pamilya.*



**Para sa mga tanong tungkol sa bakuna sa COVID-19:**

**Pumunta sa: VaccinateWA.org/kids**

**Tumawag sa: 1-833-VAX-HELP** (1-833-829-4357), **Pindutin ang #**

May makukuhang tulong sa wika.

flu free WASHINGTON

Vaccinate WA

CovidVaccineWA.org

# MGA BAGAY NA KADALASANG ITINATANONG: MGA BAKUNA SA COVID-19 AT TRANGKASO

## Kailangan ba ng anak ko ng updated na bakuna kung nabakunahan na siya dati?

Oo. Updated ang mga bakuna sa COVID-19 at influenza upang tumugma ang mga ito sa mga strain ng virus na inaasahang magiging pinakakaraniwan sa darating na panahon ng virus na may kinalaman sa paghinga. Bagaman mabisa ang mga bakuna, napag-alamang humihina ang proteksiyon ng mga ito sa paglipas ng panahon. Ang pananatiling updated sa pagpapabakuna pa rin ang pinakamabisang paraan upang maipagpatuloy ang proteksiyon laban sa mga sakit na ito. Aabutin nang humigit-kumulang 2 linggo bago maging protektado pagkatapos magpabakuna.

## Ligtas ba para sa anak ko ang mga bakuna?

Oo, itinuturing ang mga bakuna sa COVID-19 at trangkaso na napakaligtas para sa mga bata. Walang natukoy na malubhang side effect sa mga clinical trial ng bakuna sa COVID-19 sa kabataan. Mahigit 70 taon nang ginagamit nang ligtas ang bakuna sa trangkaso. Sinusuri at tuloy-tuloy na sinusubaybayan ang mga bakuna para sa pagiging ligtas at mabisa. Bihirang-bihira lang ang malulubhang side effect. Inirerekomenda ang mga bakuna sa COVID-19 at trangkaso para sa lahat ng 6 buwang gulang pataas.

## Ano ang mga pinakakaraniwang side effect ng mga bakunang ito sa mga bata?

Ang mga pinakakaraniwang side effect ay pamamaga ng braso, pagkapagod, sakit ng ulo, at pananakit ng kalamnan. Ang mga side effect ay karaniwang banayad lang o katamtamang malubha, at nangyayari sa loob ng 2 araw pagkatapos magpabakuna, at kadalasang nawawala na pagkaraan ng 1 hanggang 2 araw. May ebidensiyang nagpapakitang may ugnayan sa pagitan ng mga bakuna sa COVID-19 at myocarditis/pericarditis; gayunman, bihira lang ito at pagkahawa sa COVID-19 ang mas karaniwan nitong sanhi.

Ang mga peligro sa kalusugan kung mahawahan ang mga bata ng COVID-19 at/o trangkaso ay lubos na mas mataas kaysa sa peligrong magkaroon ng mga side effect ang bakuna. Ang mga side effect ay palatandaan na gumagana ang (mga) bakuna; hindi nagdudulot ng sakit ang alinman sa mga bakuna sa COVID-19 o trangkaso.

## Ano ang kailangang dalhin ng mga bata sa kanilang appointment?

Sa karamihan ng sitwasyon, kailangan ng mga magulang at tagapag-alaga na magbigay ng pahintulot sa pagpapabakuna ng isang taong mas bata sa edad na 18. Itanong sa bakunahan kung ano ang kailangan mo para sa pagpapahintulot. Siguruhing banggitin din kung may anumang espesyal na pangangailangan ang iyong anak kapag nag-iiskedyul ng appointment. Puwede ring makatulong kung magdadala ng mga bagay na pampakalma sa iyong anak gaya ng stuffed toy o iba pang laruan.

## May iba pa akong mga tanong. Saan ako puwedeng pumunta?

Maghanap ng mga sagot para sa iba pang mga tanong sa **VaccinateWA.org/kids**. Puwede ka ring makipag-usap sa iyong pinagkakatiwalaang health care provider.

Washington State Department of HEALTH

**DOH 820-249 December 2023 Tagalog**

Upang hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga customer na bingi o nahihirapang makarinig, mangyaring tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa doh.information@doh.wa.gov.